



Basahin ang content na ito sa: [中文](#) | [Español](#) | [Filipino](#)



OPISINA NG KLERK NG LUPON NG SAN FRANCISCO



***Sina Klerk ng Lupon, Angela Calvillo (kanan), at Panglehislatibong Deputadong Direktor, Alisa Somera (kaliwa), na magkasamang nagtatrabaho sa isang pulong ng Lupon ng Mga Tagapamahala para masubaybayan ang mga pagkilos ng Lupon.***

Mga Minamahal na Residente ng San Francisco:

Maligayang pagdating sa kauna-unahang Newsletter ng Klerk ng Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco. Ako si Angela Calvillo, ang inyong Klerk ng Lupon na inihalal ng Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco. Tungkulin kong tiyaking nalalaman ng mga residente ng San Francisco, na katulad mo, ang nangyayari sa lehislatibong proseso, para kabahagi ka ng paghubog sa pampublikong patakaran. Ngayon higit kailanman, habang nakakaranas tayo ng mga bagay na hindi pa nararanasan dati dahil sa epekto ng coronavirus at habang sinisimulan nating buksan ang ating minamahal na Lungsod, mahalaga ang inyong tinig at nakikinig ang inyong lokal na pamahalaan.

Noong bata ako, nagkaroon ng matinding pinsala ang aking kapatid na babae dahil sa nahulog na debris sa isang gusali, at hindi alam ng aking ina kung saan pupunta. Gusto kong malaman ng mga tao, katulad ng aking ina, ang mga resource ng pamahalaan na magagamit para tulungan

ang mga residente nito. Ito ang dahilan kung bakit namin ginawa ang newsletter na ito para mas makapagtuon ng pansin at makapagbigay at makapagbahagi ng kapaki-pakinabang na impormasyon para hikayatin ang mas malawak na paglahok ng diverse na populasyon ng San Francisco. Ang Newsletter na ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga paraan kung paano ka magkakaroon ng kaugnayan at makakapag-ambag sa paghubog ng mga resulta at pasya ng Lupon ng Mga Tagapamahala. Nakakaapekto ang mga pasya ng Lupon ng Mga Tagapamahala sa kalidad ng karanasan sa ating mga kapitbahayan at sa mas malawak na komunidad. Makakatulong ka sa paghubog ng mga resulta ng patakaran sa pamamagitan ng pagdalo sa mga pulong ng Lupon at Komite, sa isang pampayo na komite hanggang sa pagkakatalaga sa Komisyon.

Sa hinaharap, ang newsletter na ito ay magiging resource para sa iyo na matuto kung paano lumahok sa lokal na pamahalaan. Dahil nabanggit ang paglahok ng pamahalaan, gusto kong magbigay ng mabilis na paalala na bumoto ngayon hanggang sa ika-3 ng Nobyembre. Sa issue na ito, nakatuon tayo sa muling pagbubukas ng Lungsod ng San Francisco at sa ating patuloy na dedikasyon sa paglaban sa virus. Nasasabik akong ipakilala ang ating bagong Mapa ng Mga Serbisyo ng Lungsod para sa COVID-19 [dito](#), na sumasalamin sa pagsisikap ng buong departamento sa ngalan ng ating mga residente.

Tandaan na maging pisikal na malayo, pero socially connected.  
Protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay.

Huwag magkasakit at manatiling ligtas,

Angela Calvillo  
Klerk ng Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco


---

**Mapa ng Mga Serbisyo ng Lungsod para sa COVID-19**

Resource Type

- Any -

Apply



Dahil sa dami ng mga tanong sa Opisina ng Klerk ng Lupon para sa iba't ibang serbisyo at tulong ng Lungsod, ginawa ng aming opisina ang mapang ito para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa COVID-19 at iba pang resource na magagamit sa Lungsod at County ng San Francisco. Pana-panahong ia-update ang mapang ito.

Nagtatampok ang mapa ng mga icon ng resource para sa iba't ibang serbisyo—pangangalaga sa bata, site sa pagpapasuri, edukasyon, istasyon sa paghuhugas ng kamay, pagkain para sa walang tirahan at mababang kita, magpagkukunan ng teknolohiya para sa walang tirahan at mababang kita, resource sa pag-abuso sa gamot dahil sa kalusugan ng pag-iisip, pit stop, resource para sa nakakatanda at nasa hustong gulang, at hub para sa pagkatuto—na makikita sa legend ng aming mapa.

Nagpapasalamat kami sa Meyor, Lupon ng Mga Tagapamahala, at mga lokal na opisyal na nagsikap para gumawa ng mga serbisyo para sa inyo, na makikita sa mga distrito para sa inyong madaling pag-access.

Puwede mong i-filter ang mapa ayon sa kategorya ng serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng drop-down na menu ng uri ng resource. Mag-click sa icon ng resource para makakita ng higit pang detalye tungkol sa iniaalok na serbisyo o para malaman kung paano direktang makipag-ugnayan sa kanila. Para makakuha ng higit pang impormasyon sa landas sa hinaharap ng Lungsod, mag-click sa pangkalahatang website ng Lungsod, [dito](#).

Makipag-ugnayan sa amin kung makakakita ka ng anumang error sa pamamagitan ng telepono (415-554-5184) o email (BOS@sfgov.org).

---

**Ang  
Landas ng  
Lungsod P  
atungo sa  
Muling  
Pagbubuka  
s ng San  
Francisco**



Una sa lahat, gusto kong pasalamat kayo, San Francisco, para sa pagtutulong-tulong para mabawasan ang pangkalat ng novel coronavirus. Mangyaring manatiling updated sa [gabay ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan](#).

Pinagsama-sama ng Opisina ng Klerk ng Lupon ng Mga Tagapamahala ang isang [listahan ng mga lokal na resource](#) na direktang iniaalok ng mga departamento ng Lungsod o sa pamamagitan ng mga partnership, gaya ng pagpapasuri, indibidwal na walang tirahan at mababa ang kita, nakakatanda, kalusugan ng pag-iisip, edukasyon, istasyon ng paghuhugas ng kamay, banyo, at pangangalaga sa bata. Inirerekomenda rin namin ang pagtingin sa site ng Opisina ng Meyor, na nagdedetalye sa [naaayon sa yugto na pamamaraan](#) ng muling pagbubukas ng Lungsod, na pinangungunahan ng [Assessor-Recorder ng Lungsod](#) na si Carmen Chu.

---



Ang dahilan ng pagkakaroon ng Opisina ng Klerk ng Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco ay para matiyak na alam ng mga mamamayan na katulad mo ang nangyayari sa inyong lokal na pamahalaan. Para gawin ito, nagbibigay kami ng lehislatibo at pang-administratibong pagpapatakbo ng suporta sa 11 miyembro ng Lupon ng

Mga Tagapamahala, para epektibo nilang mapaglingkuran ang mga pangangailangan ng publiko. Kasama sa aming mga pangunahing tungkulin ang:

- Pagpepreserba ng tumpak na koleksyon ng panglehislatibong kasaysayan ng Lupon, kasama ang mga layunin, tala, packet, ordinansa, at resolusyon;
- Pagbibigay ng etikal at epektibong daloy ng panlehislatibong sangay ng pamahalaan, kasama ang mga talaan, badyet, human resources, pagbili, at pakikipagkontrata;
- Pagtiyak ng pagpapanatili ng lehislasyon at pagsunod sa lahat ng naaankop na lokal at pang-estadong batas;
- Paghikayat sa publiko na magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga pasya ng Lupon sa pamamagitan ng paggawa na kapaki-pakinabang at available ng mga resource.

Ibinibigay ng Opisina ng Klerk ng Lupon ang mga serbisyong ito sa 36 na empleyado nito sa limang dibisyon. At nagbibigay kami ng napapanahong serbisyo sa customer batay sa pang-administratibong patakaran at pamamaraan. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa Klerk ng Lupon at ang ginagawa namin [dito](#) .

## **Mga Virtual na Oras ng Opisina para Mapaglingkuran Kayo**

Simula noong Kautusang Manatili sa Bahay, ang Opisina ng Klerk, tulad ng marami sa inyo, ay nagtatrabaho na sa bahay, hangga't posible. Dahil dito, maraming kinaharap ang mga miyembro ng Lupon ng Mga Tagapamahala na pangunahing epekto sa bulnerableng populasyon nang personal.

Sinusuportahan ng Lupon ng Mga Tagapamahala at ng Opisina ng Klerk ng Lupon ang [Opisina ng Meyor para sa Kapansanan](#) para makatulong na gawing isang lungsod ang San Francisco kung saan may pantay-pantay na karapatan, may patas na oportunidad, at malaya ang lahat ng tao mula sa ilegal na diskriminasyon sa ilalim ng mga batas sa [mga karapatan kapag may kapansanan](#) .



Para mabawasan ang iyong panganib, ibibigay namin ang kailangan mo para mabigyang-daan ang patuloy na paglahok sa lokal na pamahalaan, sa virtual na paraan.

Nagho-host kami ng mga virtual na oras ng opisina para tumulong na matugunan ang anumang lehislatibo, operasyonal, at pang-administratibong tanong sa proseso. Ang iskedyul at impormasyon sa pagdial in ay makikita sa itaas ng aming [homepage](#) sa kulay orange. O kaya, puwede kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng:

- **Telepono:** 415-554-5184, L-B 8 a.m.-5 p.m.
- **Email:** [BOS@sfgov.org](mailto:BOS@sfgov.org)
- **Twitter:** [@sfbos](https://twitter.com/sfbos)



---

## Paano Lumahok sa Komento ng Publiko

Simula noong Kautusang Manatili sa Bahay, sarado na ang Lehislatibong Kamara at Silid ng Komite ng Lupon. Ang mga miyembro ng publiko ay

hinihikayat na lumahok sa bahay sa pamamagitan ng video conferencing o telepono. Makikita ang mga tagubilin para sa paglahok, kasama ang isang iskedyul ng mga pulong at impormasyon sa pag-dial in [dito](#).

Ang sistema ng komite ng Lupon ay nakatalagang magdinig ng epektibong testimonya ng publiko na pabor o laban sa iminumungkahing lehislasyon sa harap ng mga partikular na komite at makinig sa mga suhestyon para sa mga pagbabago.

Kapag isinasaalang-alang ng Lupon ang lehislasyon, na hindi isinasaalang-alang ng isang komite, tinatanggap ang testimonya sa oras ng bahagi ng pulong na Komento ng Publiko. Puwedeng kausapin ng publiko ang Lupon sa loob ng hanggang sa dalawang minuto.

Makikita ang lahat ng layunin at tala ng pulong ng Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco [dito](#).



**Kamakailang Pagkilos ng Lupon para Matugunan ang Mga Pangangailangan ng Lungsod**

Kahit walang pisikal na espasyo, kaagad na nagpapatupad ang Lupon ng Mga Tagapamahala ng San Francisco at wala itong hindi nadaluhan na pulong. Kaagad na gumawa ang Lupon ng mga virtual na pulong at bridged access para sa komento ng publiko para matiyak ang mahalagang pagpapatuloy ng paglahok. Sa nakalipas na walong buwan, ipinatupad ang mga sumusunod na lehislasyon para mabawasan ang paghihirap at mapabilis ang pagbuti ng mga residente ng San Francisco.

[MGA ORDINANSA](#)

| [MGA RESOLUSYON](#)

| [MGA MOSYON](#)

---



**Paano Makipag-ugnayan sa  
Tagapamahala ng Distrito Mo**

Ang coronavirus ay nagdulot ng mapait at mapanghamon na panahon para sa buong mundo, at hindi nakatakas dito ang San Francisco. Noong

nagsimula ang Lungsod na manatili sa bahay, isinara ang City Hall at Lehislatibong Kamara ng Lupon. Patuloy na tinulungan ng Lupon ng Mga Tagapamahala ang komunidad at nagbibigay ng serbisyo mula sa bahay.

May mga tanong ka ba tungkol sa lehislyasyong ipinatupad sa itaas o sa anupaman? Makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng iyong distrito sa ibaba.

- [Tagapamahala Sandra Lee Fewer \(Distrito 1\)](#)
- [Tagapamahala Catherine Stefani \(Distrito 2\)](#)
- [Tagapamahala Aaron Peskin \(Distrito 3\)](#)
- [Tagapamahala Gordon Mar \(Distrito 4\)](#)
- [Tagapamahala Dean Preston \(Distrito 5\)](#)
- [Tagapamahala Matt Haney \(Distrito 6\)](#)
- [Pangulo Norman Yee \(Distrito 7\)](#)
- [Tagapamahala Rafael Mandelman \(Distrito 8\)](#)
- [Tagapamahala Hillary Ronen \(Distrito 9\)](#)
- [Tagapamahala Shamann Walton \(Distrito 10\)](#)
- [Tagapamahala Ahsha Safai \(Distrito 11\)](#)

---

## Preview ng Ano'ng Susunod sa Mga Issue sa Hinaharap

Sana ay natuwa kayo sa aming paunang issue ng newsletter ng Klerk ng Lupon ng Mga Tagapamahala. Abangan ang mga susunod na edisyon kung saan magbabahagi kami ng higit pang panglehislatura, pang-operasyon, at pang-administratibong update at usapin sa ngalan ng Lupon ng Mga Tagapamahala.

Kung mayroon kayong mga tanong o feedback, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin sa [BOS@sfgov.org](mailto:BOS@sfgov.org) o sa (415) 554-5184.

*Lupon ng Mga Tagapamahala, Opisina ng Klerk ng Lungsod*

Natanggap mo ang newsletter na ito bilang bahagi ng iyong mga karapatan bilang isang mamamayan ng San Francisco, na magkaroon ng access sa impormasyon ng pamahalaan na nagpapahusay sa iyong kapitbahayan. Posibleng dati ka nang nag-sign up na tumanggap ng impormasyon mula sa Klerk ng Lupon, Lupon ng Mga Tagapamahala, sa isang non-profit na naging partner namin para pahasayin ang komunidad.